



MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-19 ng Marso, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

SA IKA-22 NG MARSO ANG DEADLINE UPANG MAGPAREHISTRO PARA MAKABOTO SA ELEKSYON NG DISTRITO NG IKA-79 NA ASEMBLEYA

Kung kayo ay nakatira sa Distrito ng Ika-79 na Asembleya at nais na bumoto sa Ika-6 ng Abril na Espesyal na Primaryang Eleksyon, kayo ay dapat magparehistro sa o bago ang Lunes, Ika-22 ng Marso upang makatanggap ng isang balotang pangkoreo. Kung hindi, kakailanganin ninyong pumunta nang personal sa [opisina ng Tagapagrehistro](#) sa Kearny Mesa o sa inyong lugar ng botohan upang magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal.

Ang Ika-6 ng Abril na eleksyon ay bukas lamang sa mga nakatira sa Distrito ng Ika-79 na Asembleya. Ang area ay kinabibilangan ng southeastern San Diego, mga lungsod ng La Mesa at Lemon Grove, at mga bahagi ng Chula Vista, Bonita, at National City. Hindi sigurado kung kayo ay nakatira sa Distrito ng Ika-79 na Asembleya? Maaari ninyong malaman [dito](#).

Ang pagpaparehistro para makaboto ay mabilis at madali at maaaring gawin online sa [sdvote.com](#). Kakailanganin ninyong magparehistro para makaboto kung kayo ay:

- hindi nakarehistro sa County ng San Diego
- kamakailan lumipat
- nagbago ng inyong pangalan

Kung ang inyong pirma ay nakumpirma sa pamamagitan ng mga rekord sa Department of Motor Vehicles, ang inyong rehistrasyon ay awtomatikong ipapadala sa opisina ng Tagapagrehistro. Kung ang inyong pirma ay hindi nakumpirma, maaari ninyong i-print ang porma, pirmahan ito at ibalik ito sa opisina ng Tagapagrehistro sa o bago ang ika-5 ng hapon sa Ika-22 ng Marso.

Ang mga porma ng rehistrasyon ay dapat may postmark o maihatid sa Tagapagrehistro sa o bago ang Ika-22 ng Marso. Ang mga botante ay maaari ring magparehistro [online](#) hanggang hatinggabi.

Hindi sigurado kung kayo ay nakarehistro para makaboto? I-check ang inyong status ng rehistrasyon online sa [sdvote.com](#). Kung kayo ay walang access sa isang computer,



COUNTY OF SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-19 ng Marso, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

maaari kayong humiling ng isang porma ng rehistrasyon. Tumawag sa (858) 565-5800 o mag-email sa rovmail@sdcounty.ca.gov.

Para sa mga botanteng nangangailangan ng tulong sa wika, makukuha rin ang mga materyales sa eleksyon sa Chinese, Filipino, Spanish, at Vietnamese.

Kung hindi kayo nakaabot sa deadline, maaari pa rin kayong [magparehistro nang kondisyonal](#) at bumoto nang probisyonal hanggang Araw ng Eleksyon.

Ang maagang pagboto ay nagaganap na sa [opisina ng Tagapagrehistro](#) mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes maliban sa Miyerkules, Ika-31 ng Marso, kung kailan ang opisina ng Tagapagrehistro ay magsasara para sa obserbasyon ng Cesar Chavez Day.

Sa Araw ng Eleksyon, Ika-6 ng Abril, ang inyong itinalagang lugar ng botohan at opisina ng Tagapagrehistro ay parehong magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi. Ang inyong botohan ay maaaring nagbago. Maaari ninyong hanapin ang inyong itinalagang lugar ng botohan sa inyong pakete ng balotang pangkoreo o sa sdvote.com.

Para dagdagan ang kaalaman tungkol sa [Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego](#) at pagboto sa Espesyal na Eleksyon ng Distrito ng Ika-79 na Asembleya ng Estado, bisitahin ang sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTY**NEWS**CENTER

